


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 3

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 8
## Pagbibigay ng Paksa sa Kuwentong Napakinggan



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Juvy O.Siton
**Tagasuri:** Erlyn M. Mirafuentes, Junalyn O. Muńoz
**Tagalapat:** Florencio R. Caballero, DTE
**Tagapamahala:**
SDS Majarani M. Jacinto, EdD
ASDS Raymond M. Salvador , EdD
ASDS Visminda Q. Valde EdD
CID Chief Juliet A. Magallanes, EdD
EPS Josephine L. Tomboc, EdD
EPS Florencio R. Caballero, DTE



# Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo kung paano ang pagbibigay paksa ng kuwento o sanaysay na napakinggan.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Naibibigay ang paksa ng kuwento o sanaysay na napakinggan **(F3PN-IIIe-7/ F3PN-IVd-7)**



# Balikan

Basahin ang talata at sagutin ang mga tanong upang makabuo ng buod nito.

Ang Pasko ay simbolo ng pagmamahalan at pagbibigayan nating mga tao sa mundo. Kadalasan may kasiyahan ang bawat isa at may pagkakaunawaan.

Sa tuwing sasapit ang panahong ito, tayong mga Pilipino ay naglalagay ng mga palamuti sa loob at labas ng bahay. Nagluluto din tayo ng iba’t ibang masasarap na pagkain para sa “*Noche Buena*”. Ang pagpapalitan ng regalo ay naging kaugalian din natin.

**Mga tanong:**

1. Ano ang pinag-uusapan sa talata?
2. Batay sa talata, ano ang ibig sabihin ng Pasko?
3. Ano-ano ang ginagawa nating mga Pilipino tuwing Pasko?



## Tuklasin

Ang galing mo, kaibigan! Nagawa mo nang mabuti ang gawain. Ngayon, may babasahin ka na namang mga talata. Pagkatapos ay sasagutin mo ang kasunod na mga tanong.

A.

Ito si Joset. Siya ay may paboritong damit. Kulay rosas ito at napapalamutian ng pulang laso.Sa likod na bahagi nito ay may pitong puting maliliit na butones.Tuwing suot niya ito, isinusuot din niya ang napakagandang ngiti sa kanyang mukha.



1. Ano ang pinag-uusapan sa talata?
2. Paano mo masasabi na gustong-gusto ni Joset ang kanyang damit?

B.
Nik: Alam mo ba Kin kung paano dumating ang mga unang pangkat ng tao sa ating lupain?
Kin : Oo, Nik. Leksiyon namin ito sa ArPan. Sila ay nakarating dito sa pamamagitan ng tulay na lupa.
Nik: Aba, ang galing mo, Kin! Sino-sino po ba ang ating unang mga ninuno?

1. Sino-sino ang nag-uusap sa teksto?
2. Ano ang paksa ng kanilang pinag-uusapan?



## Suriin

Napakagaling! Ngayon, alam ko na ikaw ay handa na sa ating bagong aralin.Bago tayo magpatuloy, suriin mo muna ang mga pagpapaliwanag at halimbawa para lalo mong maunawaan ang ating leksiyon.

**Tandaan:**

- Isa sa sukatan ng isang mabisang pakikinig ay ang pagtukoy sa paksa o pangunahing-diwa ng kuwento o seleksiyong napakinggan.

- Ang bawat akda, lalo na ang maikling kuwento ay may nakapaloob na paksa.
- Sa pagkilala sa paksa, mahalagang malaman ang tao o bagay at pangyayaring pinag-uusapan sa kuwento o alinmang akda.
- Ang paksa ng isang kuwento ay tumutukoy sa kabuuang ideya, kaisipan o nilalaman nito .
- Dito umiikot ang kuwento. Ito ang nagsasaad kung ano ang ideyang pinagtutuunan ng pansin.
- Mahalaga ring lubusang maunawaan ang bawat talatang binasa upang masuri ang mahalagang puntong nais palutangin dito.

Narito ang halimbawa:

| |
|---|
| Ang balete ay isang puno na tumataas mula 13 hanggang 40 talampakan at pakalat ang tubo ng mga ugat nito. Mayroon din itong mala-galamay na mga baging. Maraming tao ang natatakot sa punong ito. |

1. Tungkol saan ang seleksiyon?
   Sagot: Tungkol sa balete
2. Ano-ano ang sinasabi tungkol sa balete?
   Sagot:
   a. Ito'y isang puno na tumataas mula 13 hanggang 40 talampakan.
   b. Pakalat ang tubo ng mga ugat nito.
   c. Mayroon itong mala-galamay na mga baging.

Samakatuwid, ang paksa ng seleksiyon ay "balete", dahil ito ang pinag-uusapan sa kuwento at dito umiikot ang mga mahahalagang detalye.



# Pagyamanin


Sana mas naliwanagan kana ngayon. Siguro madali na sa iyo ang pagsagot sa sumusunod na mga gawain.

Ngayon, ipabasa mo ang mga seleksiyon sa ibaba sa iyong kapatid o magulang habang nakikinig ka nang mabuti. Pagkatapos ibigay mo ang mga hinihingi sa organizer. Handa ka na ba?

A. **Puting Sobre**

Sabik na binuksan ni Maricel ang puting sobreng natanggap mula sa kaniyang kaibigan. Matagal-tagal na ring hindi nagkita sina Susan at Maricel. Kaya may ngiti sa mga labi ni Maricel sa mga bagong kuwento na kanyang nabasa.

Hindi pa nakakapagpalit ng damit pambahay, agad kinuha ni Maricel ang kanyang *ballpen* at *stationery* at nagsimulang magsulat ng liham para sa mabuting kaibigan.




B. **Super Pinoy**


Woooosshhh! Kablam! Pow! Blag! Ito ang mga naririnig ko sa tuwing panonoorin ko ang paborito kong *superheroes.*

Pero may isa akong pinakapaborito sa lahat ng *superheroes.* Kakaiba ang kapangyarihan niya. *Super Pinoy* ang tawag ko sa kaniya. Iba siya sa lahat ng *superheroes* na napapanood ko.

Kapag nangangailangan ako ng tulong sa aking takdang-aralin,nariyan siya palagi. Tuwing nagugutom ako, isang *magic* lang niya ay may pagkain na sa mesa namin. Ang dali niyang maglinis sa maraming kalat sa bahay katulong ang kaniyang mahiwagang walis.

Kapag may naririnig siyang umiiyak na bata, simbilis ng kidlat, nariyan siya para patahanin ito. Ayaw niyang makitang may nagugutom, kaya kakainin na lang niya ibinibigay pa. Habang inaawit ang Pambansang Awit sa aming paaralan, isang senyas lang niya titigil lahat sa paglalakad.

Siya si Rufino, ang aking tatay. Ang aking *Super Pinoy!*





# Isaisip

Ang galing mo! Bilang pagseguro na ang natutunan mo ay hindi nawawala, sagutin mo ang bawat tanong sa pamamagitan ng pagpuno ng mga hinihinging salita sa patlang upang mabuo ang diwa.

1. Ano ang paksa?
   Ang paksa ng isang kuwento o sanaysay ay tumutukoy sa pangunahing __________na nais ____________ng may-akda.
2. Paano mo maibibigay ang tamang paksa ng isang kuwento o sanaysay?
   Maibibigay ang tamang paksa sa pamamagitan ng maiging pakikinig/pagbasa at ______________nito nang mabuti.



# Tayahin

Yeheey! Isang matagumpay na pagbati sa iyo, kaibigan. Talagang saludo ako sa iyo dahil nagawa mo nang matagumpay ang lahat ng mga gawain. Para lubusan kong malaman kung talagang may natutunan ka sa araling ito, sagutan mo ang bahaging ito. Ipabasa nang malakas sa iyong nanay o kapatid ang akda sa ibaba. Subuking ibigay ang paksa ng bawat talata.

Ang Batang may "K"

Maagang naulila ang batang si Kristine. Namatay sa aksidente ang kaniyang mga magulang. Kinupkop siya ng Department of Social Welfare and Development matapos ang aksidente.

Hindi pa siya nagtagal sa bahay-ampunan, may mag- asawang dumating at nais siyang ampunin. Inayos kaagad ang kaniyang mga papeles at hindi nagtagal nakauwi na siya sa bahay nina Ginoo at Ginang Robles.

Itinuring siyang tunay na anak ng mag-asawa. Inalagaan siya nang maayos. Pinapasok siya sa magandang eskwelahan. Higit sa lahat, binigyan siya ng isang mapagmahal na pamilya at pangalang Kristine Robles.

Ibigay ang paksa ng bawat talata:
Talata 1: ________________________________________________
Talata 2: ________________________________________________
Talata 3: ________________________________________________



# Karagdagang Gawain

Naging malawak na ang iyong kaalaman, kaibigan. Salamat at naging matagumpay ito dahil natapos mo lahat ang mga gawain. Para sa karagdagang kaalaman, basahin mo ang talata sa ibaba at sagutin ang mga katanungan batay sa hinihinging impormasyon.

**Hindi Basura**

"Bata! bata! Bakit mo kinukuha ang mga basurang iyan?"tanong ni Sita sa batang nagtutulak ng kariton. "Hindi ito basura. Mga pira-pirasong papel ito, mga lumang bote, at latang pinipi,"sagot ng batang nagtutulak ng kariton."Ano ang gagawin mo riyan?" tanong muli ni Sita. "Hindi mo ba alam? Ipagbibili ko ito. Tutunawin ito ng bibili. Gagawin nila uli itong papel, bote, at lata." Humanga si Sita sa bata. Kumikita siya. Nakatutulong pa siya sa pagtitipid sa likas na yaman ng bansa.

Mga tanong:
1. Ayon sa talata, ano ang katangian ng bata na dapat tularan?
2. Sa ano-anong paraan nakatulong ang bata sa pagtitipid sa sa likas na yaman ng bansa?
4. Ano ang paksa ng talata?

# Susi ng Pagwawasto

**Balikan**

1. Ang Pasko ay Simbolo ng Pagmamahalan at Pagbibigayan
2. Naglalagay ng mga palamuti, nagluluto, nagpapalitan ng regalo.

**Tuklasin**

**A**

1. Paboritong Damit ni Joset
2. Tuwing isinusuot niya ang damit, suot din niya ang napakagandang ngiti sa kanyang mukha

**B**

1. Nik at Kin
2. Tungkol sa kung paano dumating ang mga unang pangkat ng tao sa ating lupain.

**Pagyamanin**

**A**

**PAKSA:** Ang ginawa ni Maricel sa puting sobre na kaniyang natanggap

**SUMUSUPORTANG KAISIPAN**

1.Binuksan niya kaagad ang puting sobre
2. May ngiti sa mga labi ni Maricel sa mga bagong kuwento na kanyang nabasa

**B**

**PAKSA:** Ang Paboritong Superhero

**SUMUSUPORTANG KAISIPAN**

1. Kapag kailangan ko ng tulong sa aking takdang-aralin, nariyan sya palagi.
2.Kapag may nagugutom, kakainin na lang niya ibinibigay pa.
3. Kapag inaawit ang Pambansang Awit sa aming paaralan, isang senyas lang niya titigil lahat sa paglalakad.

**Isaisip**

1. Ideya, palutangin
2. Pagsuri

**Tayahin**

Talata 1: Maagang Naulila ang Batang si Kristine
Talata 2: Inampon si Kristine
Talata 3: Itinuring siyang tunay na anak ng mag asawa

**Karagdagang Gawain**

1. masipag, maparaan
2. Hindi na pinuputol ang mga puno para gawing papel.
3. Hindi basura ang pira-pirasong papel, lumang bote at latang pinipi

# Sanggunian


*Batang Pinoy Ako 3: Kagamitan ng mag-aaral sa Filipino* (unang edisyon 2014). Philippines. 2016.

*Batang Pinoy Ako 3: Patnubay ng guro.* Philippines. 2015.

Department of Education. *Most essential learning competencies*. Philippines: Department of Education, 2020.